# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 27, 2023, MIYERKULES, IKA-9:40 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 15 JAN 2024 Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 01/15/24 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 452-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 4-T2023 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL (MDC) NA PINAGTITIBAY ANG PAGLILIWAT NG PONDO NG 20% MUNICIPAL DEVELOPMNENT FUND (MDF) 2023 NA NAGKAKAHALAGA NG P3,000,000.00 PARA SA PROGRAMANG 17. HAULING, TREATMENT AND DISPOSAL OF SOLID WASTES AND HAZARDOUS WASTES (FROM LGU GOVERNMENT HEALTH FACILITIES) PARA SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT,** may pagliliwat mula sa Kgg. Punong Bayan hinggil sa Kapasiyahang binabanggit sa itaas nito;

**SAPAGKAT**, ang Kapasiyahan Blg. 4-T2023 ay iniliwat sa Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** sa isinagawang pagtalakay sa lupon, inilahad ang programa / proyektong paglalaan ng naturang pondo na tutugon sa pangangailangan ng mga barangay at ng pamahalaang bayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kgg. Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Alan T. Pamatmat at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 4-T2023 ng Municipal Development Council (MDC) na pinagtitibay ang pagliliwat ng pondo ng 20% Municipal Developmnent Fund (MDF) 2023 na nagkakahalaga ng P3,000,000.00 para sa Programang 17. Hauling, Treatment and Disposal of Solid Wastes and Hazardous Wastes (from LGU Government Health Facilities) gaya ng sumusunod:

**20% Municipal Development Fund 2023**
**Realignment**

| Program or Project | Location | Approved Amount | Total Amount Realignment | Proposed New Amount |
|---|---|---|---|---|
| II. ECONOMIC DEVELOPMENT | | | | |
| 5. Construction and Widening of NIA Road | | 3,000,000.00 | | 0 |
| | | | | |
| III. ENVIRONMENTAL MANAGEMENT | | | | |
| 17. Hauling, Treatment and Disposal of Solid Wastes and Hazardous Wastes (from LGU Government Health Facilities | | 19,000,000.00 | 3,000,000.00 | 22,000,000.00 |

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay ng Kaunlaran, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 27, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

1/12/24

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

011254